# Mababang halagang Teknolohiyang Pantulong sa panahon ng COVID-19

**Paano mo gagastahin ang iyong badyet upang makuha ang iyong kailangan**

# Low cost Assistive Technology during COVID-19

**How you can spend your budget to get what you need**

**Logo ng Easy Read (Madaling Basahin)**



ndis.gov.au

Filipino (Tagalog)



# Ano ang nilalaman ng dokumentong ito?

Ano ang Teknolohiyang Pantulong? 5

Mga pagbabago sa iyong mga suporta at mga serbisyo 6

Paggasta ng iyong badyet sa mababang halagang Teknolohiyang Pantulong 8

Pagpili kung ano ang bibilhin 10

Badyet sa mga Pamantayang Suporta (Core Supports) 12

Badyet para sa Pagpapatatag ng Kakayahan (Capacity Building) 15

Ang mga bagay na hindi kasali 16

Mga madalas itanong ng mga tao 19

Talasalitaan 26

Kontakin kami 30

# Paano gagamitin ang polisiyang ito




Ang **polisiya** ay isang plano kung paano natin gagawin ang mga bagay.




Ang National Disability Insurance Agency (NDIA) ang sumulat ng papel-kaalaman na ito. Kapag nakita mo ang salitang 'kami', ito ay nangangahulan na NDIA.




Sinulat namin ang papel-kaalaman na ito sa paraang madaling basahin.

Gumamit kami ng mga larawan upang maipaliwanag ang ilang mga ideya.




Isinulat namin ang ilang mga salita sa letrang **matingkad**. Ipinaliwanag namin ang kahulugan ng mga salitang ito. May listahan ng mga salitang ito sa pahina 26.




Ang Madaling Basahing papel-kaalaman na ito ay buod ng isa pang dokumento.




Mahahanap mo ang isa pang dokumentong ito sa aming website sa **www.ndis.gov.au**



Maaari kang humingi ng tulong upang mabasa ang papel-kaalaman na ito. Ang isang kaibigan, kapamilya o suportang tao ay maaaring tumulong sa iyo.

# Ano ang Teknolohiyang Pantulong?



Kapag kailangan mo ng tulong sa pang-araw-araw na mga gawain, maaari mong gamitin ang **Teknolohiyang Pantulong**.




Para sa mga taong may kapansanan, ang Teknolohiyang Pantulong ay:

- magpapadali sa iyong gawin ang mga bagay
- magpapanatili sa iyong kaligtasan.

Ang Teknolohiyang Pantulong ay maaaring:



- isang pantulong (aid) o isang kagamitan (equipment)




- isang sistema na gagamitin.

# Mga pagbabago sa iyong mga suporta at mga serbisyo



Binabago ng Coronavirus kung paano ihahatid ng mga provider ng serbisyo ang mga suporta at mga serbisyo sa mga kalahok.



**Ang mga kalahok** ay mga taong may kapansanan na nakikibahagi sa NDIS.




Maraming mga kalahok ang naglalagi sa bahay.

Subali't kailangan pa rin nila ng mga suporta at mga serbisyo.



Ang mga provider ng serbisyo ay dapat humanap ng iba't ibang paraan para maihatid ang mga serbisyo at mga suporta.

Maraming mga kalahok ang nakiki-ugnay na ngayon sa kanilang mga provider ng serbisyo sa online gamit ang:




- mga smartphone
- mga tablet
- mga kompyuter.


Maaari kang makipag-usap sa iyong provider ng serbisyo tungkol sa kung paano ka patuloy na tatanggap ng iyong mga suporta sa pamamagitan ng:



- paggamit ng teknolohiya na mayroon ka na



- paggawa ng programa ng ehersisyo na magagawa mo sa bahay




- paghiram ng mga kagamitang magagamit



- manatiling nakaugnay sa pamamagitan ng telepono.

# Paggasta ng iyong badyet sa mababang halagang Teknolohiyang Pantulong



Ang polisiyang ito ay tungkol sa kung paano mo magagasta ang iyong **badyet** sa mababang halagang Teknolohiyang Pantulong.




Ang iyong badyet ay ang halaga ng iyong pondo ng NDIS na dapat mong gastusin sa mga suporta na kailangan mo upang maabot ang iyong mga mithiin.




Ang Teknolohiyang Pantulong ay mababa ang halaga kung ito ay mas mura sa $1,500.



Ang ilang mga kalahok ay maaari nang bumili ng mababang halagang Teknolohiyang Pantulong kung matutulungan sila nitong gawin ang mga bagay na mahirap o imposible dahil sa kanilang kapansanan.




Hanggang Setyembre 2020, maaaring gastusin ng mga kalahok ang kanilang badyet sa mababang halagang Teknolohiyang Pantulong kung:




- matutulungan ka nitong gamitin ang iyong mga suporta at mga serbisyong pinondohan ng NDIS




- ang iyong provider ng serbisyo ay gumawa ng liham na nagsasabing kailangan mo ng Teknolohiyang Pantulong




- wala ka pa ng bagay na kailangan mong bilhin




- wala kang pondo mula sa kung saan para sa bagay.




Sa Hunyo 2020, pag-aaralan namin kung gaano kahusay na gumagana ang bagong polisiya na ito.



Nilista namin ang mga bagay na hindi mo maaaring bilhin gamit ang iyong badyet.

Mababasa mo ang aming listahan sa pahina 16.

# Pagpili kung ano ang bibilhin




Kung ikaw ay bibili ng mababang halagang Teknolohiyang Pantulong, dapat mong isipin ang:

- halagang sulit sa pera
- kalidad
- badyet.



May mga maitatanong ka sa iyong sarili bago ka bumili ng kahit ano.



Ang halaga ba nito ay sulit sa perang gagastahin ko para dito?



Ang bagay ba na ito ay may mahusay na kalidad?




Matutulungan ba ako nitong maabot ang aking mga mithiin?




May sapat bang pera sa aking badyet para bilhin ito?




Hindi ka dapat gumasta ng mas mahal pa sa $750 para sa isang elektronikong device.





Dahil karamihan sa mga kalahok ay nangangailangan lang ng mga payak na device na nagkakahalaga ng mga $600.



Magagamit mo rin ang iyong badyet para bumili ng takip para mapangalagaan ang iyong bagong device.

# Badyet sa mga Pamantayang Suporta (Core Supports)



Binago namin kung paano magagamit ng mga kalahok ang kanilang **badyet sa mga Core Support**.



Ang iyong badyet sa mga Core Support ay para sa mga suporta at mga serbisyo na kailangan at magagamit mo nang husto.



Magagamit mo ang iyong badyet sa mga Core Support sa iba't ibang paraan.



Maaari mong gamitin ang iyong pondo sa mga makukunsumo sa iyong badyet sa mga Core Support para bumili ng mababang halagang Teknolohiyang Pantulong.



**Ang mga makukunsumo** ay mga bagay na iyong ginagamit:

- nang marami
- araw-araw.



Kung wala kang sapat na pondo para sa mga makukunsumo, maaari namin itong kunin mula sa iba.

Ang mga pagbabagong ito ay nangangahulugan na maaari kang bumili ng:



- isang computer tablet upang magawa mong makibahagi sa mga aktibidad sa online




- kagamitan sa fitness.





Magagawa mo ito kung ang plano ng iyong NDIS ay:


- **sariling pamamahala (self-managed)**
- **pinamamahalaan ayon sa plano (plan-managed)**
- **pinamamaalaan ng ahensya (agency-managed)**.




Kung ang iyong plano ng NDIS ay sariling pamamahala, ikaw mismo ang mamamahala sa iyong pondo ng NDIS.




Kung ang iyong plano ng NDIS ay pinamamahalaan ayon sa plano, magbabayad ka sa isang tao para mamamahala ng iyong pondo ng NDIS.




Kung ang iyong plano ng NDIS ay pinamamahalaan ng ahensya, gagamit ka ng **mga nakarehistrong provider ng NDIS** at babayaran sila ng NDIA.



Ang nakarehistrong provider ng NDIS ay:

- ay makakapag-alok ng mga suporta at mga serbisyo sa mga taong may kapansanan na nakikibahagi sa NDIS
- ay nasa listahan na binabantayan namin sa NDIA.

# Badyet para sa Pagpapatatag ng Kakayahan (Capacity Building)



Ang ilang mga kalahok ay may **badyet para sa Pagpapatatag ng Kakayahan**.

Kapag nagpapatatag ka ng iyong kakayahan, mas matututo kang gawin ang mas maraming bagay para sa iyong sarili.




Ang iyong badyet sa Pagpapatatag ng Kakayahan ay magagamit upang patatagin ang iyong:

- **kalayaan**
- mga kasanayan.



Mayroon kang kalayaan na gawin ang mga bagay para sa iyong sarili.




Kung mayroon ka lang pera sa iyong badyet sa Pagpapatatag ng Kakayahan, bibigyan ka namin ng natatanging code upang bumili ng mababang halagang Teknolohiyang Pantulong.

# Ang mga bagay na hindi kasali

Hindi ka makakabili ng mababang halagang Teknolohiyang Pantulong gamit ang iyong badyet kung:



- wala itong kinalaman sa iyong kapansanan





- hindi ka nito matutulungan upang patuloy na makakuha ng mga suporta at mga serbsiyo ng NDIS sa iyong plano ng NDIS



- mas higit ito kaysa sa iyong pangangailangan



- nais mong bumili ng higit pa sa 1 na device




- ito ay smartphone, smart watch o tablet na may 3G o 4G na mobile connection




Kung gusto mo ng tablet na may 3G o 4G na mobile connection, maaari mong gamitin ang sarili mong pera para bayaran ang sobra.




- mas mura ang umupa na lang ng bagay para sa panahong kailangan mo nito

- nais mong palitan ang ibang mababang halagang Teknolohiyang Pantulong na:




  - nawala
  - nasira
  - may sira.




Hindi namin papalitan ang iyong Teknolohiyang Pantulong maliban kung susundin mo ang aming mga patakaran sa pagpapalit.

Hindi mo magagamit ang iyong pondo sa pagbabayad para:



- sa mga karagdagang bahagi para sa kompyuter




- sa iyong internet connection, kabilang ang:
  - mobile phone data
  - wi-fi.




Hindi mo magagamit ang iyong pondo sa pagbabayad para sa software o apps maliban kung nakasaad ito sa iyong plano ng NDIS.

Hindi mo magagamit ang iyong pondo para bumili ng karagdagang mga bagay para sa iyong device gaya ng:




- mga screen protector



- mga charger



- mga selfie stick



- mga karagdagang kable.

# Mga madalas itanong ng mga tao

**Paano ako makakakuha ng mababang halagang Teknolohiyang Pantulong na kailangan ko?**







Maaari kang bumili ng mababang halagang Teknolohiyang Pantulong mula sa alinmang provider kung ang iyong plano ng NDIS ay:

- sariling pamamahala (self-managed)
- pinamamahalaan ayon sa plano.



Kung gagamit ka ng tagapamahala ng plano, matutulungan ka niyang magbayad para sa mababang halagang Teknolohiyang Pantulong na kailangan mo.




Kung ikaw ay sariling namamahala, maaari kang pumunta sa **myplace portal** at gumawa ng kahilingan sa pagbabayad.





Ang myplace portal ay isang website kung saan nakatabi ang lahat ng iyong impormasyon sa NDIS.

Ang iyong impormasyon ay ligtas sa portal.



Maaari mo nang bayaran ang iyong provider.




Maaari mo ring:

- bayaran ang iyong provider
- humingi ng resibo
- pumunta sa myplace portal at gumawa ng kahilingan sa pagbabayad.




Kailangan mong ilakip (attach) ang resibo.





Maglalagay kami ng pera mula sa iyong badyet papunta sa iyong bank account sa loob ng 48 oras.




Kung ang iyong plano ng NDIS ay pinamamahalaan ng ahensya, dapat kang bumili ng mababang halagang Teknolohiyang Pantulong mula sa nakarehistrong provider ng NDIS.

## Paano kung hindi sapat ang pera sa aking badyet?




Maaari mo lang gamitin ang pera na nasa iyong badyet sa pagbabayad para sa mababang halagang Teknolohiyang Pantulong.


Ang mga pagbabago ay nangangahulugan na magagamit mo ang mga pondo na nasa iyong:




- Pamantayang Badyet (Core Budget)




- Kapital na Badyet (Capital Budget) o



- Badyet para sa Pagpapatatag ng Kakayahan (Capacity Building Budget).



Hindi ka namin bibigyan ng dagdag na pera sa pagbabayad para sa mababang halagang Teknolohiyang Pantulong.



Kung ang iyong plano ay walang kasamang pera sa pagbabayad para sa mga supporta na kailangan mo, maaari kang humiling sa amin na **repasuhin** ang iyong plano.




Kapag ikaw ay may nirerepaso:

- pag-aaralan mo ito nang mabuti
- pag-iisipan mo kung gaano ito kahusay na gumagana.




Ngunit hindi namin babaguhin ang iyong plano para lamang makabili ka ng mababang halagang Teknolohiyang Pantulong.

**Aling kagamitan sa fitness ang maaari kong bilhin?**

Maaari mong bilhin ang kagamitan sa fitness na:



- ginamit mo na noon bilang bahagi ng iyong mga suporta at mga serbisyo



- kailangan mo upang patuloy na makatanggap ng mga suporta at mga serbisyo habang ikaw ay nasa bahay.



Dapat kang tumanggap ng impormasyon na nakasulat tungkol sa iyong kailangan mula sa iyong:

- provider ng serbisyo
- provider ng pangangalagang pangkalusugan
- therapist.



Maaari kang:

- humiram ng kagamitan na kailangan mo mula sa iyong provider ng serbisyo
- umupa ng kagamitan sa panahong kailangan mo nito.

**Anong mangyayari kung bumili na ako ng mababang halagang Teknolohiyang Pantulong?**




Kung bumili ka ng mababang halagang Teknolohiyang Pantulong makaraan ang 1 Abril 2020, kausapin ang iyong provider ng serbisyo.





Ang iyong provider ng serbisyo ay dapat:

- sumang-ayon na kailangan mo ng mababang halagang Teknolohiyang Pantulong
- maniguro na mayroon kang badyet para dito
- ibahagi sa amin sa sulat.




Kailangan mo ng liham mula sa iyong provider na nagsasabing kailangan mo ng mababang halagang Teknolohiyang Pantulong.



Kung ang mababang halagang Teknolohiyang Pantulong na iyong binili ay hindi naaayon sa isinasaad sa aming polisiya, dapat mong ibalik ang perang iyong ginasta.



Kung ikaw ay nagkamali, mangyaring kontakin kami.



Ang aming mga detalye ng kontak ay nasa pahina 30.

**Maaari ba akong bumili ng kagamitan para sa aking mga anak?**





Hindi, hindi ka maaaring bumili ng kagamitan para sa iyong mga anak.



Maaari kang makipag-usap sa iyong provider ng serbisyo kung paano gagamitin ang mga kagamitan sa paglalaro na mayroon ka na upang matulungan ang iyong anak na maabot ang kaniyang mga mithiin.

## Talasalitaan



**Pinamamahalaan ng ahensya**

Kung ang iyong plano ng NDIS ay pinamamahalaan ng Ahensya, gagamit ka ng mga nakarehistrong mga provider ng NDIS at ang NDIA ang magbabayad sa kanila.



**Teknolohiyang Pantulong**

Para sa mga taong may kapansanan, ang Teknolohiyang Pantulong ay:

- magpapadali sa iyong gawin ang mga bagay
- magpapanatili sa iyong kaligtasan.




Ang Teknolohiyang Pantulong ay maaaring:

- isang pantulong (aid) o isang kagamitan (equipment)
- isang sistema na gagamitin.




**Badyet**

Ang iyong badyet ay ang halaga ng iyong pondo ng NDIS na dapat mong gastusin sa mga suporta na kailangan mo upang maabot ang iyong mga mithiin.



## Badyet para sa Pagpapatatag ng Kakayahan (Capacity Building)

Kapag nagpapatatag ka ng iyong kakayahan, natututo kang gawin ang mas maraming bagay para sa iyong sarili.



Ang iyong badyet sa Pagpapatatag ng Kakayahan ay magagamit upang patatagin ang iyong:


- kalayaan
- mga kasanayan.



## Mga makukunsumo

Ang mga makukunsumo ay mga bagay na iyong ginagamit:

- nang marami
- araw-araw.




## Badyet sa mga Pamantayang Suporta (Core Supports)

Ang iyong badyet sa mga Core Support ay para sa mga suporta at mga serbisyo na kailangan at magagamit mo nang husto.



## Kalayaan

Mayroon kang kalayaan na gawin ang mga bagay para sa iyong sarili.




**myplace portal**

Ang myplace portal ay isang website kung saan nakatabi ang lahat ng iyong impormasyon sa NDIS.

Ang iyong impormasyon ay ligtas sa portal.



**Mga kalahok**

Ang mga kalahok ay mga taong may kapansanan na nakikibahagi sa NDIS.




**Pinamamahalaan ayon sa plano (plan-managed)**

Kung ang iyong plano ng NDIS ay pinamamahalaan ayon sa plano, magbabayad ka sa isang tao para mamamahala ng iyong pondo ng NDIS.




**Polisiya**

Ang polisiya ay isang plano kung paano natin gagawin ang mga bagay.

**Nakarehistrong provider ng NDIS**



Ang nakarehistrong provider:

- ay makakapag-alok ng mga suporta at mga serbisyo sa mga taong may kapansanan na nakikibahagi sa NDIS
- ay nasa listahan na binabantayan namin sa NDIA.

**Pagrepaso**




Kapag ikaw ay may nirerepaso:


- pag-aaralan mo ito nang mabuti
- pag-iisipan mo kung gaano ito kahusay na gumagana.

**Sariling pamamahala (self-managed)**




Kung ang iyong plano ng NDIS ay sariling pamamahala, ikaw mismo ang mamamahala sa iyong pondo ng NDIS.

# Kontakin kami




**1800 800 110**



**enquiries@ndis.gov.au**



GPO Box 700
Canberra
ACT 2601




**www.ndis.gov.au**



Nilikha ng Information Access Group ang Madaling Basahing dokumentong ito gamit ang mga nakaimbak na litrato at mga custom image. Hindi maaaring muling-gamitin ang mga larawan nang walang pahintulot. Para sa anumang pagtatanong tungkol sa mga larawan, mangyaring bisitahin **www.informationaccessgroup.com**. Banggitin ang bilang ng trabaho na 3549.

ndis.gov.au